Mensahe

Isang makakalikasang araw po sa inyong lahat, lalong-lalo na sa mga kabataan na nais nating makatunghay sa pitak na ito.

Alam po nating lahat na tumitindi na ang ating problema sa kalikasan dahil na rin sa walang-pakundangang pagtatapon ng basura at ang patuloy na pagbabago ng ating klima na labis na nakaaapekto sa ating araw-araw na gawain.

Layunin po ng pitak na ito na ipaintindi sa ating lahat, partikular na sa mga kabataan ang tunay na kahalagahan ng pagkakaroon ng maayos, malinis at masaganang kalikasan.

Sa pamamagitan din po nito ay nais nating ipaunawa sa mga susunod na henerasyon kung bakit dapat alagaan ang kalikasan na siya nating pinagkukunan ng ating ikinabubuhay at ginagamit sa araw-araw.

Ano ba ang mga dapat gawin at paano ba mabibigyan ng proteksiyon ang ating kalikasan? Iyan lamang ang ilan sa mga kailangang matutunan ng bawat isa sa atin upang higit nating mapangalagaan ang Inang Kalikasan.

Nais din po nating maging gabay ang pitak na ito ng mga kabataan para patuloy na mabigyan ng proteksiyon ang ating kalikasan.

Muli, isa pong makakalikasang araw sa inyong lahat at hangad natin na malaki ang maitulong ng pitak na ito upang mabigyan kayo ng sapat na kalaaman para mapanatili nating malinis at maayos ang ating kapaligiran at ang ating kalikasan.

Roy A. Cimatu
Secretary
Department of Environment and Natural Resources

Talaan ng mga Nilalaman

Ano ang Climate Change?

Manila Bay: Noon at Ngayon

Ang Wetlands, Kabataan, at
Makabagong Teknolohiya

Ano ang climate change?

Kwento ni Cirilo Paclibar, Jr.
Dibuho nina Cathreen Gem Tanyag at
Ma. Anna Katrina Manapat

Disensyo sa pahina ni Ma. Anna Katrina Manapat



Ang Climate Change ay ang pagbabago ng karaniwang panahon na dapat sana ay nararanasan sa isang lugar. Maaaring ito ay pagdagdag o pagbawas ng mga nararanasang pag-ulan kada taon o pagbabago ng karaniwang temparatura.

Ayon sa pag-aaral ng mga eksperto, ang temperatura ng mundo ay tumaas sa nakalipas na mahigit isang daang taon na nagdudulot ng malaking pagbabago sa klima dahilan kung bakit nagkakaroon ng Climate Change.

• Isa sa matinding sanhi ng Climate Change ay ang walang habas na pagpuputol ng punong kahoy at pagbabawas ng halaman sa ating kapaligiran na nagiging dahilan upang uminit ang hangin sa himpapawid na nagpapabawas sa pag-ulan

• Paggamit ng mga toxic chemicals na nagpapanipis sa ating ozone layer

• Pagsusunog ng mga plastic containers at goma

• Paggamit ng mga appliances na nakasisira sa ozone layer

• Paninigarilyo ng tao at pagbuga ng usok ng mga sasakyan at pabrika

• Sobrang paggamit ng enerhiya

• Patuloy na pagtaas ng temperatura o mas lalong pag-init ng mundo

• Paghaba ng panahon ng tag-init o pagkakaroon ng El Niño

• Pagkakaroon ng maraming bagyo, dahil na rin sa sobrang init ay nagbabago ang pagdating ng panahon ng tag-ulan habang may mga lugar o bansa na mas maraming bilang ng bagyo ang nararanasan

• Pagtaas ng antas ng tubig sa dagat dahil sa pagkalusaw ng mga niyebe o yelo sa North at South Pole dahilan upang may mga lugar ang posibleng lumubog sa tubig

Matindi rin ang nagiging epekto ng Climate Change sa kabuhayan ng mga tao at dahil sa pagiging abnormal ng klima sa buong mundo ay labis na napeperwisyo ang mga pananim.

Sa tuwing darating ang malalakas na buhos ng ulan (La Niña) o kaya naman ay matinding pag-init ng panahon (El Niño) ay nasisira ang mga pananim na siyang pinagkukunan natin ng pagkain sa araw-araw.

Posibleng marami ang magutom kapag naranasan ito sa buong mundo kaya't ngayon pa lamang ay gumagawa na ng hakbang ang mga kinauukulan kung paano mapipigilan ang labis na pag-init ng ating temperatura.

Maging ang mga alagang hayop na kabilang sa ating mga kinakain ay labis ding maaapektuhan ng pagbabago ng klima dahil posibleng magkaroon ng sakit o kaya naman ay mamatay ang mga ito dahil sa climate change.


Hanggang ngayon ay patuloy pa rin ang isinasagawang pag-aaral ng mga eksperto kung paano mapipigilan ang Climate Change subalit hanggang sa kasalukuyan ay hindi pa rin ito natutuklasan.

- Sumuporta at sumali sa mga usapin at gawain tungkol sa Climate Change

- Maging responsable sa pamamagitan ng pagtigil sa pagsusunog ng mga plastic na gamit o bagay

- Maging matipid sa enerhiya o kuryente

- Tigilan ang pagputol ng mga punong kahoy bagkus ay tumulong sa pagtatanim ng mga puno at halaman sa inyong komunidad

- Gumamit ng Biofuels

- Iwasan ang paninigarilyo at tumulong sa kampanya laban sa mga pasaway na pabrika na nagbubuga ng nakalalasong usok


Ang pagbabahagi ng impormasyon o kaalaman tungkol sa Climate Change ang malaki nating maitutulong sa buong mundo upang mapigilan ang tuluyang pagkasira ng ating *ozone layer*.

Sama-sama tayong matuto at makibahagi upang masagip pa natin ang mundo para sa susunod na henerasyon!



Balik-Tanaw

Tama o Mali: Basahin at sagutin ang mga sumusunod na pangungusap.

_____1. Pagsusunog ng plastik at goma sa inyong bakuran.
_____2. Patayin ang ilaw at mga kasangkapan kapag hindi ginagamit.
_____3. Aktibong sumali sa mga gawain laban sa Climate Change.
_____4. Pagbuga ng maitim na usok mula sa mga sasakyan.
_____5. Pagtatanim ng mga puno at halaman.

Ating talakayin: Sagutin nang naaayon sa iyong naunawaan.

1. May napapansin ka bang pagbabago sa klima na nagaganap sa inyong komunidad?
2. Sa inyong komunidad, ano'ng simpleng paraan ang kaya mong gawin upang hindi na lumala ang Climate Change?

Manila Bay: Noon at Ngayon

Kwento ni Cirilo Paclibar, Jr.
Dibuho nina Cathreen Gem Tanyag at
Ma. Anna Katrina Manapat

Disensyo sa pahina ni Ma. Anna Katrina Manapat



Ganito ang hitsura ng Manila Bay sa isang *postcard* noong taong 1964.

Larawan mula sa WhenInManila.com



Larawan mula sa Wikimedia Commons

Makikita rin dito ang grupo ng mga kalalakihang abala sa pamimingwit ng isda na siyang iuuwi sa kani-kanilang pamilya upang maiulam habang ang sobra naman sa mga nahuli ay kanilang ipinagbibili.

Larawan mula sa Pinoykollektor.blogspot.com



Larawan mula sa : Retroscope.ph

Larawan mula sa Wikimedia Commons

Sa pagsapit ng dapit-hapon, dinarayo ng mga tao ang paglubog ng araw sa Manila Bay na animo'y bolang unti-unting nilalamon ng tubig sa karagatan.



Larawan mula sa Wikimedia Commons

Isa rin sa naging dahilan kung bakit dumumi ang tubig dito ay ang patuloy na pag-unlad ng mga lugar na nakapalibot sa Manila Bay kung saan ay walang habas na itinatapon ng mga pabrika at maging ng mga tao ang kanilang dumi patungo sa naturang karagatan.

Larawan mula sa Wikimedia Commons

“Mandamus” ng Supreme Court noong 2008, nabalewala

Noong Disyembre 18, 2008, naglabas ng “mandamus” ang Supreme Court (SC) na nag-aatas sa labintatlong (13) government agencies na linisin ang Manila Bay ngunit hindi ito naisakatuparan dahil na rin sa kakulangan ng koordinasyon ng bawat ahensiya ng gobyerno.



Kabilang sa mga ahensiya ng gobyerno na kasama sa "mandamus" ng SC ay ang Department of Environment and Natural Resources (DENR); Department of Agriculture (DA); Department of Public Works and Highways (DPWH); Department of the Interior and Local Government (DILG); Department of Education (DepEd); Department of Health (DOH); Department of Budget and Management (DBM); Metropolitan Waterworks and Sewerage System (MWSS); Local Water Utilities Administration (LWUA); Metropolitan Manila Development Authority (MMDA); Philippine Coast Guard (PCG); Philippine National Police-Maritime Group (PNP-MG) at Philippine Ports Authority (PPA).



Isa rin sa nakikita nating dahilan kung bakit hindi naipatupad nang maayos ang kautusan ng SC ay dahil sa kawalan ng "political will" ng mga taong nanunungkulan noong panahong ilabas ng kataas-taasang hukuman ang "mandamus".



Matapos ang matagumpay na rehabilitasyon sa Isla ng Boracay sa loob ng anim na buwan ay nagpasya si Pangulong Rodrigo Duterte na isunod na linisin ang Manila Bay upang bumalik ang dati nitong ganda.



Rehabilitasyon ng Manila Bay, napapanahon


Karamihan sa mga gusali at pabrika na nakapaligid sa Manila Bay ay hindi konektado sa "sewer lines" o kaya naman ay walang sariling "Sewage Treatment Plant" (STP) kaya't direktang napupunta sa dagat ang kanilang maruming tubig.



Isa rin sa problemang natuklasan ay ang direktang pagtatapon sa tubig ng dumi at basura ng mga naninirahan sa paligid ng Manila Bay. Ayon sa pagsusuri, napag-alaman din na maging ang Manila Zoo ay lumalabag din sa "environmental laws" dahilan upang pansamantala itong isara ng lokal na pamahalaan sa publiko upang itama ang kanilang nagawang pagsuway sa batas pangkalikasan.

Hinikayat naman ni DENR Secretary Roy A. Cimatu ang lahat ng tanggapan ng gobyerno na nakapaligid sa Manila Bay at mga ilog na nakasanga dito na sumunod sa Clean Water Act (Republic Act 9275) at Ecological Solid Waste Management Act (Republic Act 9003).

Magsisilbing modelo ang mga nabanggit na ahensya ng gobyerno upang sumunod din ang mga private establishments at mga residente sa tamang pagtatapon ng maruming tubig at basura.



Ang anumang tanggapan o establisiyamento sa paligid ng Manila Bay na mapatutunayang lumalabag o bumabalewala sa "environmental laws" ay maaaring maipasara o patawan ng multa na nagkakahalagang aabot sa P200,000 kada araw.



PENALTY!

Clean Water Act, ipatutupad para sa rehabilitasyon ng Manila Bay



Kamakailan ay nagsagawa ng ocular inspection ang DENR sa mga estero at ilog na nakakonekta sa Manila Bay. Nadiskubre nila na direktang itinatapon ng mga establisiyamento ang kanilang maruming tubig sa dagat.



Dahil dito, mahigpit na ipatutupad ng DENR ang Republic Act 9275 o mas kilala bilang Philippine Clean Water Act of 2004 upang mapigilan ang mga establisiyamento sa pagtatapon ng maruming tubig sa Manila Bay.

Establishments have to put up their own Sewage Treatment Plants (STPs). They cannot discharge their wastewater in the esteros. We are giving them three months to put up their own STPs.

...pahayag pa ni Cimatu sa panayam ng mga mamamahayag.


Lumalabas sa isinagawang pag-aaral na umaabot sa 330 million Most Probable Number (MPN) kada 100 milliliters ang fecal coliform level ng tubig mula sa Manila Bay at target ng DENR na maibaba ito sa 100 MPN/100ml upang tuluyang mapaliguan ng mga tao at iba pang gawaing pantubig.

Disiplina ang kailangan para mapangalagaan ang Manila Bay

Disiplina ng bawat isa ang nakikitang susi upang tuluyang malinis ang Manila Bay at respeto naman sa kalikasan ang kailangan para mapangalagaan at mapanatili ang kalinisan ng nasabing karagatan.




Aminin man natin o hindi sa ating mga sarili, nawawala ang disiplina ng bawat isa sa atin kapag ang isyu ay tungkol sa kalikasan dahil karamihan sa atin ay binabalewala lamang ang kahalagahan ng "environmental laws" kaya't napapabayaan na natin ang ating kapaligiran.

Sa paglilinis ng Manila Bay, ang sama-sama nating pagsisikap at pagtutulungan ang pinaka-angkop nating gawin dahil sa pamamagitan nito ay masasalamin nating muli ang ipinagmamalaki nating "bayanihan" – isa sa mga natatanging kaugaliang Pilipino na hinahangaan rin ng mga dayuhan.



Ang paglilinis ng Manila Bay ay isang paraan upang iparamdam natin sa lahat ang tunay na pagmamalasakit sa kalikasan. Sama-sama natin itong linisin at pangalagaan para sa susunod na salinlahi.



Ang Wetlands, Kabataan at Makabagong Teknolohiya

Kwento ni Cirilo Paclibar, Jr.
Dibuho nina Cathreen Gem Tanyag at
Ma. Anna Katrina Manapat

Disensyo sa pahina ni Ma. Anna Katrina Manapat


Isang makakalikasang araw sa inyong lahat, mga bata!
Nitong mga nakalipas na panahon ay unti-unti nang nababawasan ang napupuntahan lugar ng aming mga lahi dahil na rin sa pagkawala ng mga wetlands na labis naming pinangangambahan.


Ngayon ay tatalakayin natin kung ano ba ang halaga ng wetlands sa paglaban sa climate change at paano ito nakatutulong sa aming pagpaparami.
Halina at samahan n'yo kami sa pagtalakay sa usaping ito upang labis na maunawaan ng kabataan ang kanilang mahalagang papel sa pangangalaga ng wetlands at mga bird sanctuary.



Sa mga nakalipas na panahon ay nakalilimutan na ng kabataan ang ibig sabihin at ang halaga ng Wetlands na isa sa mga paraan upang makatulong sa pagbibigay ng solusyon sa lumalalang problema ng buong mundo tungkol sa Climate Change.

Masyado na kasing abala ang bagong henerasyon sa pagsulpot at paggamit ng mga bagong gadgets at dito na lamang nauubos ang kanilang panahon kaya't hindi na naipapasok sa kanilang isipan kung ano ba ang kanilang magagawa upang masagip ang ating kalikasan.

Kung tutuusin ay madali lamang maimumulat ang isipan ng mga kabataan tungkol sa Wetlands dahil sa isang pindot lamang sa kanilang mga gadgets ay mababasa na nila sa kanilang mga makabagong gamit kung ano ang ibig sabihin at kung ano ba ang halaga nito sa ating mundo



Importante na maipaalam sa kabataan kung ano ang Wetlands, kung paano ito makatutulong sa ating kapaligiran at kung ano ba ang nagagawa nito para mabasawan ang epekto ng Climate Change.

Sa pamamagitan ng pitak na ito ay hinihikayat natin ang lahat ng kabataan na alamin kung ano ang Wetlands at ang halagang naibibigay nito sa ating kapaligiran nang sa gayon ay maipaunawa din nila sa kanilang ka-henerasyon ang tungkol sa importansiya nito.

Larawan mula sa https://pixabay.com/photos/book-asia-children-boys-education-1822474/

Ano ang Wetlands?

Ang Wetlands ay ang mga lugar kung saan ay natatakpan ng tubig ang lupa at base sa United States Environmental Protection Agency (EPA), ilan sa mga halimbawa nito ay ang Marshes, Swamps, Bogs at Fens.



Dito sa Pilipinas, ang Candaba Wetlands na matatagpuan sa Pampanga ang masasabi nating madalas pag-usapan dahil sa pagbisita dito ng mga migratory birds na nagmumula pa sa iba't-ibang panig ng mundo.

Base sa pag-aaral, sa nakalipas na 35 taon ay higit pa sa doble ang mga sakuna na nararanasan sa buong mundo at 90% dito ay may kinalaman sa tubig o iyong tinatawag na water-related disasters dahil na rin sa mabilis na pagbabago ng ating klima.



Isa ang Wetlands sa may makabuluhang naitutulong sa paglabas ng greenhouse gases at mapahina ang epekto ng Climate Change.



Nagsisilbing “shock absorbers” ang Wetlands tulad ng salt marshes, mangroves, seagrass beds, at coral reefs upang mapahina ang paghampas ng alon, storm surges at tsunami sa mga baybayin. Napipigilan din nito ang pagbaha sa kalupaan na pumipinsala sa mga ari-arian at buhay ng mga tao.



Malaking bagay din ang ginagawang pagsipsip ng mga Wetlands sa tubig baha upang hindi ito masyadong makaapekto sa buhay at ari-arian ng mga tao habang sa panahon naman ng tag-init ay inilalabas nito ang naipong tubig upang maibsan ang problema sa tagtuyot.



Dahil dito, lumalakas ang panawagan ng iba't-ibang grupo na pangalagaan ang mga Wetlands, huwag din itong tuyuin at sunugin para gawing sakahan. Kinakailangan ding magtulong-tulong ang bawat isa, komunidad at gobyerno upang mapanatili itong maayos at kapaki-pakinabang.

Halaga ng Wetlands sa paglaban sa Climate Change

Dahil sa patuloy na pag-usbong ng industriyalisasyon sa bawat komunidad ay nadaragdagan din ang ating problema sa Climate Change na labis na nakaaapekto sa ating pang-araw-araw na pamumuhay.

Patuloy ang pagtaas ng ating temperatura, hindi na rin mapigilan ang pag-init ng mga karagatan, habang mabilis ang nagiging pagkalusaw ng mga yelo dahilan upang hindi maawat ang pagtaas ng tubig sa mga dagat. Nakababahala na rin ang mabilis na pagtaas ng carbon dioxide, methane at iba pang greenhouse gases sa ating atmospera dahil na rin sa kagagawan ng mga tao.

Dahil dito, patuloy ang pagkilos ng buong mundo upang mapigilan ang mabilis na pagtaas ng carbon dioxide at upang mapigilan ang Climate Change, ang global community sa pamamagitan ng Paris Agreement ay naghahanap na rin ng lunas upang mabawasan ang paggamit ng greenhouse gases at upang malimitahan ang pagtaas ng global average temperature.

Isa sa nakikitang paraan ng mga eksperto upang mapigilan ang Climate Change ay ang pangangalaga sa mga Wetlands.



Ano ang magiging papel ng kabataan sa Wetlands?

Bilang bahagi ng makabagong henerasyon ay mahalaga ang magiging papel ng kabataan sa pagsalba ng ating kalikasan at isa sa matitutulong ng mga ito ay pagpapalaganap ng impormasyon sa pamamagitan ng social media kung ano ang halaga ng Wetlands sa ating mundo.





Malaki ang maiaambag ng ganitong gawain upang dumami ang magkaroon ng kaalaman tungkol sa Wetlands at dahil marami sa mga kabataan ngayon ang palaging nakatutok sa social media ay nakatitiyak tayo na mas mabilis na maimumulat ang kaalaman ng bawat isa sa atin.



Sa isang pindot lamang ng mga gadgets ay malaking bagay na ang maiiambag ng bawat kabataan sa kampanya upang mapangalagaan ang Wetlands kaya't bilang bahagi ng tinatawag na "millennial" ito na ang inyong magiging paraan upang tulungan ang ating Inang Kalikasan.

Wetland at ang Bird Sanctuary sa Pampanga

Nakilala ang Paligui Wetland sa Candaba, Pampanga bilang bird sanctuary dahil sa pagdayo dito ng iba't-ibang uri ng ibon na nagmula pa sa malalayong bansa.

Nakaaaliw at napakagandang tanawin kapag natunghayan mo ang naggagandahang ibon na may iba't-ibang kulay at mistula ring musika sa pandinig ang huni ng mga ito na nakahahalina sa mga taong nakaririnig.

Isa rin ang bird sanctuary sa dahilan kung bakit dinarayo ang Candaba, Pampanga ng mga turista ngunit nitong mga nakalipas na taon ay nagkakaroon ng suliranin ang mga nangangalaga sa Paligui Wetland.

Ayon kay Gaudencio de Leon, pangulo ng mga magsasaka sa Paligui, Candaba, Pampanga, malaki sa bilang ng mga ibon na dumarayo sa kanilang lugar ang nabawas nitong mga nakalipas na taon dahil na rin daw sa mabilis na pagkawala ng tubig sa Wetland.

Sa tantiya ng mga magsasaka, aabot sa 120 species ng ibon ang dumarayo noong 2013 ngunit pagsapit ng 2015 ay unti-unti nang nababawasan ang bilang ng mga migratory birds na nanginginain at nagpaparami sa Paligui Wetland.

Hinala ng mga magsasaka, posibleng epekto ng Climate Change ang mabilis na pagkawala ng tubig sa Paligui Wetland dahilan upang maghanap ng ibang pamumugaran ang mga dumarayong ibon sa kanilang lugar.

Maging ang mga damo at halaman na pinamumugaran ng mga migratory birds ay mabilis na ring nalalanta at kapag tuluyang nawala ang tubig sa Wetland ay mapipilitan ang mga ibon na lumipat sa ibang lugar kung saan sila may makakain at maiinom na tubig.

Base pa sa obserbasyon ng mga magsasaka, posibleng wala pa sa 50 species ng ibon ang makikita ngayon sa Candaba Wetlands at nababahala ang mga ito na sa mga susunod na taon ay mas mabawasan pa ang bilang ng mga migratory birds sa kanilang lugar.

Paraan upang mapangalagaan ang Bird Sanctuary

Isa rin sa mga dahilan kung bakit nababawasan ang mga migratory birds sa Paligui, Candaba ay dahil sa mga taong namamaril at nanghuhuli ng ibon kaya't upang mapigilan ang ganitong gawain ay naging abala ang mga local officials para mahuli at mapanagot ang mga ito sa batas.

Ayon sa mga opisyal ng barangay, halos 24/7 kung magbantay sila sa Bird Sanctuary upang walang makalusot na nanghuhuli at namamaril ng ibon dahil kapag nabulabog ang mga migratory birds ay posibleng lumayas ang mga ito sa Candaba Wetlands.

Abala rin ang iba't-ibang grupo at mga local officials sa kanilang information drive upang mabigyan ng kaalaman ang mga residente kung paano mapangangalagaan ang kalikasan at mapigilan ang matinding epekto ng Climate Change.

Umaasa din ang mga tagapangalaga ng bird sanctuary na darating ang panahon na maibabalik nila sa dati ang pamumukadkad ng mga halaman at damo sa paligid ng Candaba Wetlands na siyang dinarayo ng mga migratory birds na nagpapaganda ng tanawin sa kanilang lugar.

Malaki rin ang naitulong ng World Wetlands Day (WWD) 2019 Media Wetland Exposure Activity dahil sa pamamagitan nito ay marami ang nabibigyan ng karagdagang impormasyon kung ano ang kahalagahan ng wetlands upang mapigilan ang epekto ng Climate Change.



Hindi pa huli ang lahat dahil may mga paraan pa upang mapigilan ang epekto ng Climate Change. Ang mga wetlands ang isang paraan upang matulungan natin ang Inang Kalikasan na maisalba ang kanyang kagandahan para sa susunod na salinlahi kaya't ang pagbibigay sa kanila ng proteksiyon ang dapat na pag-ukulan natin ng pansin at sa tulong na rin ng kabataan ay makakamtan natin ang inaasam nating ito. ###